

Headline	117 mag-aaral sa CALABARZON nadale ng UTI	
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)	
Date	01 Jul 2019	
Section	NEWS	
Order Rank	2	
Language	English	
Journalist	N/A	
Frequency	Daily	

117 mag-aaral sa CALABARZON nadale ng UTI

IPINAALALA ng Department of Health (DOH)-Calabarzon na mahalaga ang pag-inom ng tubig at pag-iwas sa softdrinks matapos na lumabas sa pagsusuri na mayroon 117 kabataan sa rehiyon ay may Urinary Tract Infections (UTI).

Ito ang lumalabas sa isinagawang urine testing ng DOH-CALABARZON sa 500 na kabataang mag-aaral sa piling eskuwela-han sa rehiyon kabilang dito ang Carmona National High School sa Cavite; National Training School sa Tanay, Rizal; Parang Elementary School sa Pagbilao, Quezon; Sta. Cruz Central Elementary School sa Sta. Cruz, Laguna; at San Agustin Elementary School sa Ibaan,

Batangas.

Ayon kay Regional Non-Communicable Disease Control Cluster Head Dr. Marilou Espiritu, na ang urine test ay mahalaga sa isang bata upang masuri ang color, clarity, odor, concentration at acidity (pH) sa ihi ng bata kabilang ang level ng protein, sugar, blood cells upang malaman ang kundisyon kung ito ay may diabetes, kidney stones, urinary tract infection (UTI), high blood pressure at maging

ang sakit sa kidney o liver diseases.

Dagdag pa ni Espiritu na mahalaga ang ganitong aktibidades upang mamulat ang mga kabataang mag-aaral sa sakit sa kidney .

“We need to conduct screening at an early age in order to provide treatment and prevent the onset of any chronic renal failure among our children,” ayon kay Espiritu.

Paliwanang ni Espiritu na ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng UTI ang isang bata ay dahil sa kakulangan ng tubig sa katawan, mahilig sa pag-inom ng softdrinks at mahilig sa maalat.

Ayon pa kay Espiritu na ang urinalysis ang pinaka-simple at murang paraan upang matukoy kung may renal disease ang isang tao.

Paalala din ni Espiritu na bawasan ang kumain sa mga fast foods, pag-inom ng softdrinks at pagkain ng mga junk foods. (Gene Adsuara)